# dalumat

MULTIKULTURAL AT MULTIDISIPLINARYONG E-JOURNAL SA ARALING FILIPINO
Isyu 2021 Tomo 7 Blg. 1 ISSN 2094-4187

## MGA ARTIKULO

Everyday Resistance of Sidewalk Vendors in Manila Amid the Dominance of Neoliberal Urbanism
*Reynold D. Agnes & Edwin S. Martin, PhD*

Pelikula Bilang Kultural na Sandata: Isang Pag-aaral sa Pelikulang *Ganab Di Anos* at ang Paglalapat ng Teoryang "Fourth Cinema"
*Kristine Camille Sulit*

Pulso ng Bayan: Reaksiyon ng mga Filipino Tungkol sa mga Piling Pahayag ni Duterte Kontra Kababaihan at ang Dulot nito sa Pagpapaunlad ng Pamayanan
*John Carlo S. Santos*

## SALIN

Langit Lupa, salin ng "Playing Pilgrims," unang kabanata ng nobelang *Little Women* ni Louisa May Alcott
*Michael Thomas M. Nelmida*

## MGA REBYU

Pagsusuri sa Maskulinidad ng Pag-ibig Batay sa Pelikulang *Milan* (2004) ni Olivia Lamasan
*Axle Christien Tugano*

*Mga Tomasino sa Pilosopiyang Pilipino: Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino* ni Emmanuel De Leon
*Mark Joseph P. Santos*

*Omnibus at ang Misteryo ng Nawawalang Ulo* ni Rhod V. Nuncio
*Francis Ed Villanueva*

*25 Taon Tungo sa Intelekwalisasyon ng Filipino: 25 Piling Sanaysay sa Ekonomiks* ni Tereso S. Tullao
*Girlie R. Parejo*

**Rebyu ng Aklat:**

De Leon, Emmanuel. *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Pilipino: Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino* (Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2019).

**Mark Joseph P. Santos**
Department of Social Sciences and Humanities
Centro Escolar University – Manila

> Kulang marahil ang ating tiwala sa sarili na kaya nating makalikha ng pilosopiyang Filipino mula mismo sa sarili nating pangangailangan at hindi sa pamantayang tinitingala natin. Mistulang mahina ang ating loob sapagkat inuuna nating tingnan at ikompara ang ating mga sarili sa ginagawa ng ibang lahi. Hinding hindi tayo kikilalanin ng ibang lahi hangga't mahina ang ating loob at mistulang wala tayong maiaambag.
>
> – Emmanuel de Leon

Sa hanay ng mga akademiko sa Pilipinas, pangkaraniwan ang taas-noong pagmamalaki sa pagiging dalubhasa sa kaisipan ng mga banyagang pantas. Bahagi ng payak na kwentuhan ang pagsipi sa mga ideya at pagbigkas ng pangalan ng mga ito, na animo'y marka ng pagiging tunay na intelektuwal. Totoo ito saan mang disiplina nagmumula ang isang akademikong Filipino, ito man ay sa teolohiya (Barth, Rahner, Bultmann), pilosopiya (Hegel, Foucault, Heidegger), sikolohiya (Freud, Jung, Skinner), sosyolohiya (Durkheim, Marx, Mills), antropolohiya (Geertz, Levi-Strauss, Mead), kasaysayan (Ranke, Braudel, Toynbee), at iba pa. Bagaman kailangan naman talagang pag-aralan ang mga banyagang pantas sa ating sari-sariling disiplina, tila ang obsesyon sa mga ito ay sintomas ng tinatawag ni Syed Alatas na *academic dependency*.[1] Isa sa mga manipestasyon nito ay ang pagkakaroon ng isang *global knowledge division of labour,* kung saan ang mga akademiko ng Kanluran ay nakatuon sa teoretikal na pananaliksik, habang ang mga akademiko ng "Ikatlong Daigdig" tulad ng Timog Silangang Asya ay nakakahon lamang sa empirikal na pananaliksik. Sa iskemang ito, ang mga bansa sa Timog Silangang Asya ay nagsisilbi lamang hanguan ng datos na isasaayos at bibigyang pakahulugan ng katutubong akademiko gamit ang mga inangkat na teorya mula sa Kanluran. Sa ganang ito, ang layunin ng pananaliksik ay gamitin ang mga datos bilang mga kasong pag-aaral upang bigyang balidasyon ang unibersalidad ng mga Kanluraning teorya. Hindi nakapagtataka kung gayon ang tendensya ng mga Filipinong akademiko na magkaroon ng mataas na paghanga sa mga Kanluraning pantas (na tagagawa ng mga teorya) at mababang pagpapahalaga sa mga kapwa-Filipinong pantas (na tagapaglapat lamang ng mga teoryang ito sa Pilipinas).

Sa gitna ng ganitongsitwasyon sa akademyang Filipino, isang natatanging okasyon ang paglitaw ng aklat ni Dr.

[1] Tingnan ang Syed Farid Alatas, *Alternative Discourses in Asian Social Sciences* (New Delhi: Sage Publications India Pvt Ltd, 2006), 57-79.

Emmanuel de Leon na *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Pilipino: Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino.* Buhat sa disertasyon ng may-akda tungo sa pagiging Doktorado sa Pilosopiya, ang 214 pahinang aklat ay detalyadong eksposisyon ng pamimilosopiya ng anim na pangunahing pilosoper ng Unibersidad ng Sto. Tomas (UST): Emerita Quito, Leonardo Mercado, Florentino Hornedo, Florentino Timbreza, Romualdo Abulad, at Alfredo Co. Natatangi ang obra sa pagiging kauna-unahang aklat na nailimbag ukol sa intelektuwal na kasaysayan ng pilosopiya bilang disiplina sa bansa. Bagaman hindi pa isang ganap na pagsasakasaysayan ng pilosopiya sa pambansang lebel dahil nakatuon lamang sa isang institusyon, magsisilbi itong isang panulukang bato tungo sa mas komprehensibo pang mga aklat sa hinaharap ukol sa kasaysayan ng pilosopiya sa Pilipinas. Kung tutuusin, ang pagsasakasaysayan ng pilosopiya ng mga Tomasinong pilosoper ay mikrokosmo ng mga pangkabuuang daloy, tema, at isyu na mayroon ang pambansang pilosopiya, lalo pa dahil ang UST ay nangungunang institusyon sa disiplina ng pilosopiya sa Pilipinas (kaya naman ang anim ay hindi lamang basta tanyag na mga Tomasinong pilosoper, kundi mga Filipinong pilosoper din).

Pagkatapos ng isang maikling pagsasakasaysayan sa Iskolastikong pilosopiya ng unibersidad sa Kabanata II, sistematiko at may unipormidad niyang inilatag ang eksposisyon sa bawat pilosoper na pinaglaanan ng tig-iisang kabanata ng aklat (Kabanata III hanggang VIII). Ang kwalitatibong pagtalakay niya sa kanilang pamimilosopiya ay ginabayan ng kwantitatibong mga panukat. Sa bawat kabanata ay naging tuntungan niya ang taksonomiyang nilikha ni FPA Demeterio na naglatag ng iba't ibang anyo ng Pilosopiyang Filipino (e.g. paggamit ng wikang Filipino, eksposisyon ng mga banyagang kaisipan, pagsusuri sa pananaw-pandaigdig ng mga Filipino, atbp.). Pagkatapos pumili ng pangunahing bugkos ng mga akda ng bawat pilosoper, nagsagawa si De Leon ng pagbibilang kung ilang porsyento ng mga akda ng pilosoper ang maihahanay sa bawat kategorya ng taksonomiya. Sa pamamagitan nito ay napalitaw niya ang ispesipikong pilosopikong layunin, pamamaraan, direksyon at ambag sa Pilosopiyang Filipino ng bawat pilosoper. Sinuportahan niya ang mga ito sa pamamagitan ng paglalahad ng maikling biograpikal na kaligiran ng bawat pilosoper na makapagpapaliwanag sa pagkakapook ng kanilang pilosopiya sa kanilang kinalalagyang panahon.

Si Emerita Quito ay ipinakilala niya bilang tagapaglunsad ng panahong Post-Iskolastisismo sa Pilosopiyang Filipino. Nilansag niya ang dogmatikong dominasyon ng pilosipya ni Aquinas sa pamamagitan ng pagbukas ng kamalayan ng mga Filipinong pilosoper sa malawak na mundo ng samu't saring pilosopiya tulad ng pilosopiyang Pranses, Indiano, Tsino, pananaw-pandaigdig ng mga Filipino, pamimilosopiya sa wikang Filipino, komparatibong pilosopiya, modernong pilosopiya at iba pa.

Bunga ng matinding bugso ng nasyonalismo ng kanyang panahon, si Leonardo Mercado ang pinakananguna sa anim sa pagpapalitaw ng pananaw-pandaigdig ng mga Filipino. Binuhos niya ang kanyang buong kapantasan sa aspektong ito at hindi na naglaan pa ng panahon para sa ibang anyo ng Pilosopiyang Filipino. Para sa kanya, ang tunay na pilosoper ay hindi lumilikha ng sarili niyang pilosopiya, kundi ang pantas na pinagsasalita ang pilosopiyang mayroon na ang taumbayan.

Si Florentino Hornedo ay maaalala bilang eklektikong pantas, na may pormal na pag-aaral at mga akda sa samu't saring disiplina tulad ng pilosopiya, kasaysayan, antropolohiya, literatura at edukasyon. Malaki ang naging epekto nito sa kanyang interdisiplinaryong lapit sa pilosopiya. Samu't sari man ang tuon, ang isang pisi na nag-uugnay sa buong kapantasan ni Hornedo ay ang kahalagahan ng akademikong pagpuna, ang pangangailangan na laging isalang sa

kritisismo ang mga ideya, bagay, at sistema tungo sa mas ikauunlad ng mga ito.

Ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa disiplina ng pilosopiya ay hindi maaaring matalakay nang hindi binabanggit si Florentino Timbreza. Tulad ni Mercado, naging preokupasyon ni Timbreza ang pagpapalitaw sa pananaw-pandaigdig ng mga Filipino. Ngunit ‘di-tulad ni Mercado, isinagawa niya ito hindi sa Ingles kundi sa wikang pambansa. Naniniwala siya na esensyal sa pagpapayabong ng pagpapalitaw sa katutubong pag-iisip ng mga Filipino ang paggamit mismo ng kanilang wika. Liban pa sa payak na eksposisyon ng mga katutubong hugis ng pag-iisip, pinagtuunan ng pansin ni Timbreza ang paglalapat ng mga ito sa kasalukuyang mga isyu at suliranin ng bayan. Dulot ito ng paniniwala niya na ang gampanin ng pilosopiya ay hindi lamang hukayin ang pananaw-pandaigdig ng mga Filipino, kundi punahin din ito kung kinakailangan upang magkaroon tayo ng mas mainam na kultura sa kasalukuyan.

Tulad ng kanyang *mentor* na si Quito, malaking bahagi ng panahon ni Romualdo Abulad ang itinuon niya sa eksposisyon ng mga banyagang kaisipan. Hanggang sa kasalukuyan, siya ang kinikilalang pinakabihasa sa pilosopiya ni Immanuel Kant. Naging pasinasyon niya rin ang postmodernong pilosopiya. Paulit-ulit na pinapaalala ni Abulad na wala nang saysay pang itanong kung umiiral ba ang Pilosopiyang Filipino. Hindi siya naniniwala na mayroong pilosopiya na umiiral sa mga Filipino bago ang pagdating ng mga banyaga. Sa halip na hanapin ito, nananawagan si Abulad na tumuon na lamang sa pilosopiyang narito sa kasalukuyan at patuloy na nalilikha sa pamamagitan ng pamimilosopiya ng mga Filipinong pilosoper. Gaya ni Hornedo, mataas ang kanyang pagtingin sa gampanin ng pagpuna para sa pagpapatalas at pagpapainam ng mga kaisipan.

Ang huling Tomasinong pilosoper na nilapatan ng eksposisyon ni De Leon si Alfredo Co. Pinakakilala si Co pagdating sa pilosopiyang Tsino. Lipos ang kanyang kapantasan ng mga aklat at artikulo na nagbibigay-eksposisyon sa napakaraming aspekto ng pilosopiyang Tsino. Nangunguna rin siya sa pagpapaunlad sa Pilipinas ng komparatibong pilosopiya. Isa sa mga pangunahing layunin niya ang pagtagpuin at pag-usapin ang pilosopiya ng Kanluran at Silangan, upang ipakita na hindi totoo na Silangan lang ang natututo mula sa Kanluran. Tulad ni Abulad, hindi rin siya naniniwala na mayroong orihinal na Pilosopiyang Filipino. Para sa kanya, tatlong sibilisasyon lang ang may orihinal na pilosopiya: Griego, Tsino at Indiano, at lahat ng ibang pilosopiya ay saklaw na ng tatlong ito.

Sa pamamagitan ng hindi pagbibigay ng monolitikong pagpapakahulugan sa Pilosopiyang Filipino, ibinukas niya ito sa samu’t saring adhikain at anyo. Sa aklat ni De Leon, ang Pilosopiyang Filipino ay tumutukoy sa lahat ng pilosopikong direksyong nalikha ng mga Filipinong pilosoper. Panawagan niya sa mga kasalukuyang nasa disiplina ng pilosopiya na lalo pang paunlarin ang bawat hibla ng Pilosopiyang Filipino na nalikha ng mga naunang pilosoper, kasama na ang anim na Tomasino.

Ang aklat ni De Leon ay hindi lamang mapa ng nakaraan, ito ay kompas din para sa direksyon ng pilosopiya bilang disiplina sa hinaharap. Modelo ito na maaaring tularan sa pagsasagawa ng intelektuwal na kasaysayan ng iba pang mga pilosopikong institusyon sa Pilipinas. Paghahanda ito tungo sa isang mas komprehensibo at mas masalimuot na pambansang pagsasakasaysayan ng pilosopiya. Kung tutuusin, hindi lamang ito kapaki-pakinabang sa disiplina ng pilosopiya. Ang ehemplong iniwan ni De Leon ay marapat ding isagawa sa iba pang disiplina sa Pilipinas upang maimapa rin ang intelektuwal na kasaysayan ng mga ito. Sa mga bansa sa Europa ay likas na kagawian ang ebalwasyon at pagpapahalaga (deskriptibo man o kritikal) sa kanilang mga pantas.[2] Totoo ito sa

[2] Robert W. Yarbrough, “New Testament Studies in Europe,” in *Understanding the Times: New Testament*

anumang disiplina. Marahil ay indikasyon ito ng mataas na tiwala sa kanilang talino't kakayahan bilang isang bayan. Sa kaso ng Pilipinas, ang matagal na pagkakasakop sa atin ay nagdulot ng lamat sa ating panlipunang sikolohiya. Ayon kay Jose de Mesa, na-internalisa natin bilang bahagi ng ating pagkatao ang mga panlalait at pangmamaliit ng mga mananakop. Kaya naman kahit matagal na tayong malaya ay bitbit pa rin natin ang mababang pagtingin sa sarili at mataas na pagtingin sa iba.[3] Kahit sa akademya ay lumilitaw ang mga sintomas nito.

Ang aklat ni De Leon ay maaaring magsilbi bilang isa sa mga lunas sa ating akademikong karamdaman. Tulad ng titulo ng huling aklat ni Virgilio Enriquez, ito ay isang hakbang ng "pagbabangong-dangal" ng kapantasang Filipino.[4] Monumento ito ng katotohanan na panahon na upang magsagawa ng eksposisyon ng kaisipan ng ating mga sariling pantas. Nawa ay magsilbing motibasyon ang akda ni De Leon sa mga akademikong Filipino na taas noo ring ipagmalaki na sila'y dalubhasa sa kaisipan ng mga Filipinong historyador (Agoncillo, Constantino, Salazar), sikolohista (Bulatao, Enriquez, Lagmay), pilosoper (Ferriols, Mercado, Dy), teologo (de Mesa, Tano, Gorospe), antropolohista (Jocano, Covar, Manuel), arkeolohista (Dizon, Paz, Mijares), at marami pang iba, tungo sa pagbuo ng isang pambansang akademikong tradisyon na maituturing natin bilang sariling atin.

*Studies in the 21st Century. Essays in Honor of D.A. Carson on the Occasion of His 65th Birthday*, eds., Andreas J. Kostenberger and Robert W. Yarbrough (Wheaton, Illinois: Crossway, 2011), 333-337.

[3] Jose M. De Mesa, *Why Theology is Never Far from Home* (Manila: De La Salle University Press Inc., 2003), 58-59.

[4] Virgilio G. Enriquez, *Pagbabangong-Dangal: Indigenous Psychology and Cultural Empowerment* (Quezon City: Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino, 1994).

## Sanggunian

Alatas, Syed Farid. *Alternative Discourses in Asian Social Sciences.* (New Delhi: Sage Publications India Pvt Ltd, 2006).

De Mesa, Jose M. *Why Theology is Never Far from Home* (Manila: De La Salle University Press Inc., 2003).

Enriquez, Virgilio G. *Pagbabangong-Dangal: Indigenous Psychology and Cultural Empowerment* (Quezon City: Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino, 1994).

Yarbrough, Robert W. "New Testament Studies in Europe." In *Understanding the Times: New Testament Studies in the 21st Century. Essays in Honor of D.A. Carson on the Occasion of His 65th Birthday.* Edited by Andreas J. Kostenberger and Robert W. Yarbrough (Wheaton, Illinois: Crossway, 2011).

Si **Mark Joseph P. Santos** ay nagtapos ng Bachelor of Arts in History, cum laude (2015) at Postbaccalaureate in Teacher Education (2017), kapwa mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang Master of Divinity sa Manila Theological College. Nakapaglathala siya ng ilang artikulo sa mga akademikong dyornal tulad ng Saliksik E-Journal ng Bagong Kasaysayan, Tala Kasaysayan ng UST Departmento ng Kasaysayan, at Historical Bulletin ng Philippine Historical Association. Patnugot siya ng Martes sa Escaler at Martes sa Escaler II, na kalipunan ng mga talakayan ni Zeus Salazar ukol sa metodolohiyang pangkasaysayan at pilosopiya ng kasaysayan. Bukod sa kanyang presentasyon sa mga lokal at pambansang sampaksaan, nagbahagi siya ng pananaliksik sa isang internasyunal na kumperensya na ginanap sa University of Lisbon, Portugal noong Disyembre 2018 ukol sa ambag ni Salazar sa Araling Timog Silangang Asya. Isa siya sa mga miyembrong tagapagtatag ng Kapisanan ng mga Mananaliksik sa Kasaysayan ng Marikina, isang organisasyong naglalayong payabungin ang lokal na kasaysayan ng naturang bayan. Nakasentro ang interes ng kanyang pananaliksik sa indigenization movements o Pilipinisasyon sa akademya tulad ng Pantayong Pananaw at Teolohiyang Pilipino. Nagturo siya sa PUP Departamento ng Kasaysayan mula 2016 hanggang 2019. Kasalukuyang Instruktor si Santos sa Departamento ng Agham Panlipunan at Humanidades ng Pamantasang Centro Escolar.